GSMA

# Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills



Copyright © 2024 GSM Association

# Module 3: YouTube

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills


## Ano ito?

**Ipakita ang YouTube sa phone.**


**Ipaliwanag:** "Sa YouTube, makapanonood ka ng iba't ibang video na parang telebisyon, pero mas marami ang mapagpipilian at ikaw ang bahalang pumili kung ano at kailan mo ito gustong panoorin."

"Pwede mong i-type sa YouTube kung anong klaseng mga video ang gusto mong panoorin, at ipapakita nito ang mga video na tugma sa gusto mo mula sa mga nai-upload ng ibang tao."

## Mga kagamitan na kakailanganin mo:



Mga handset na smartphone




Poster ng YouTube

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

"Makapanonood ka ng iba't ibang uri ng video tulad ng pelikula, kanta, balita, sports, mga recipe, at educational content. Mayroon ding maraming 'how-to' videos—halimbawa, paano matutong magsalita ng ibang wika, sumayaw, magluto, o mag-ayos ng sirang gulong ng bisikleta."

"Pwede ka ring gumawa ng sarili mong video at i-upload ito sa YouTube para mapanood ng iba."

Ibahagi ang sarili mong mga halimbawa sa trainee tungkol sa mga benepisyo ng YouTube at kung paano mo ito ginagamit.

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

**Gawin itong makabuluhan** sa trainee sa pamamagitan ng pagtalakay kung paano ito maaaring maging kapakipakinabang sa sariling buhay ng trainee. Isaalang-alang ang mga halimbawa na tugma o kapaki-pakinabang sa sumusunod na klase ng trainees na makikilahok sa inyong sesyon:

**Matatanda:** Manood ng mga video sa YouTube tungkol sa mga balita, sermon, nakaaaliw na programa at musika.

**Ina o maybahay:** Manood ng mga video para matuto ng bagong recipe; pamahalaan ang tahanan o negosyo mo; tulungan ang mga anak sa kanilang kalusugan o gawain sa paaralan; manahi ng mga damit at higit pa.


**May-ari ng negosyo:** Matuto at makadiskubre ng bagong kaalaman para sa negosyo—tulad ng kung paano magrehistro o mamahala ng negosyo; makakukuha rin ng tips at ideya mula sa ibang negosyante gaya ng bagong recipe, gupit o hairstyle, pattern sa pananahi, o mga simpleng teknik sa pagkukumpuni ng gamit, at marami pang iba.

**Magsasaka o mga tao sa kanayunan:** Manood ng mga video upang matutunan ang mas mabisang paraan ng pagtatanim, pagprotekta sa mga pananim laban sa peste, pagpapalit ng pananim ayon sa panahon, at pagpapanatili ng kalusugan ng lupa. Nakatutulong ito na makapagtanim ka ng pandagdag sa pagkain at alagaan nang mabuti ang lupain mo para sa hinaharap.

**Kabataan:** Manood ng mga video para matulungan ka sa iyong pag-aaral at matuto ng mga bagong kasanayan para makakuha ng trabaho o magsimula ng negosyo; manood ng mga video para makakuha ng tulong sa pagggawa ng resume o makakuha ng tips sa paghahanap ng mga trabaho; manood ng mga video ng sports o ng paborito mong aktor o mang-aawit.

## Paano ito gumagana?

### Ipahawak ang smartphone sa mga trainee at tulungan silang sundan ang mga hakbang.




**Ipakita ang poster** at isa-isahin ang mga hakbang para sa simpleng paghahanap ng video, halimbawa, maghanap ng sikat na lokal na kanta.

"Maaaring magamit ang mikropono para gawin ang paghahanap ng video gamit ang boses. Hindi mo na kailangang mag-type ng anomang text."

**Ipakita** ang mikropono: Saan ito mahahanap at paano ito gagamitin.

## Magsanay!

**“Ngayong may ideya ka na tungkol sa YouTube, sa alin mo ito gustong gamitin?”**


Magbigay ng ilang salita o keyword na maaaring hanapin ng trainee batay sa kanilang interes. Panatilihing simple ang paghahanap—gumamit lamang ng isa o dalawang salita.

**Tip:** “Mainam gamitin ang YouTube sa panonood ng mga video, ngunit mas malawak ang internet kaysa sa YouTube. Marami pang ibang impormasyon na makikita online. Kung gusto mong maghanap ng iba pang content sa internet, puwede mong subukan ang Google Search.”

**Ipaliwanag** na may iba pang serbisyo na katulad ng YouTube kung saan puwedeng mag-upload at manood ng videos. Ang ilang mga halimbawa nito ay ang Dailymotion at TikTok.

## Kaligtasan

“Maraming video sa YouTube na gawa ng iba’t ibang tao na maaaring pareho rin sa interes o karanasan mo. Maaaring hindi mo gusto o sinasang-ayunan ang lahat ng mga video na nakikita mo—maaari mo itong iwasang panoorin. Tandaan na hindi lahat ng bagay na nakikita mo sa YouTube ay totoo kaya maging mapanuri bago maniwala o magbahagi ng video.”



**Ipakita ang poster ng ‘Importanteng tips para manatiling ligtas online.’**

**Talakayin** sa iyong mga trainee kung ano ang ibig sabihin ng tips na ito sa paggamit ng YouTube.

Gamitin ang mga makatotohanan at praktikal na halimbawa para sa iyong trainee tungkol sa tips na ito. Halimbawa, maaaring nag-aalala ang ilang mga tao tungkol sa ilang nilalaman sa YouTube. Maaaring nag-aalala ang ilang mga tao tungkol sa panloloko o scam sa YouTube, habang may mga kababaihan na mas iniisip kung paano makaiiwas sa pambabastos o harassment.

# Mga Poster at Mga Cut-Out

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills

# Importanteng tips para manatiling ligtas online

**Tandaan na bukas ang internet para sa lahat sa buong mundo, kaya dapat itong ituring na parang pampublikong lugar—(gaya ng palengke) na kailangan mong mag-ingat at maging responsable sa mga ginagawa mo online.**

## Tandaan na hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo

Kahit sino ay puwedeng mag-post ng kahit ano online, kaya huwag maniwala sa lahat ng nakikita mo. Kahit na mula ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaaring hindi ito totoo. Mag-ingat bago magbahagi ng impormasyon sa iba.

## Mag-isip nang mabuti bago magpadala ng pera sa isang taong nakilala mo online

Mag-ingat sa mga email, mensahe o pop-up na hindi mo hiningi, lalo na kung humihingi sila ng pera o naglalaman ng mga kakaibang link.

## Panatilihing pribado ang personal na impormasyon mo, kabilang ang mga password

Iwasang magbahagi ng mga personal na detalye tulad ng buong pangalan mo, address ng bahay o phone number maliban kung talagang kinakailangan.

## Huwag magdulot ng pinsala sa iba online

Maging mabait at magalang. Huwag mang-bully, magkalat ng maling impormasyon o mang-harass ng sinuman. Ang iyong mga aksyon online ay maaaring makaapekto sa mga tao sa totoong buhay.


## Maging mapagbantay sa mga scam at manloloko

Katulad sa totoong buhay, nasa internet din ang mga magnanakaw at kriminal. May mga taong nagpapanggap na ibang tao online.

## Kumilos sa pamamagitan ng pag-block o hindi pagpansin sa taong nang-iistorbo sa iyo


Kung may nang-aabala o nangha-harass sa iyo online, humingi ng tulong at sabihin sa isang tao o i-report ito.

# Mga Gastos sa Data




Paano gamitin ang
YouTube

# Paano gamitin ang YouTube



Mga Cut Out ng Icon
## YouTube

Mga Cut Out ng Icon
## YouTube




Mga Cut Out ng Icon

**YouTube**




Mga Cut Out ng Icon

**YouTube**



Mga Cut Out ng Icon

**YouTube**



Mga Cut Out ng Icon

**YouTube**

